# Metapora sa Panahon ng Pandemya: Ilang Tala Tungkol sa mga Metaporang may Kaugnayan sa COVID-19 Pandemic sa Wikang Filipino

*Noah Cruz*

**ABSTRAK**

Hindi maitatangging napakalaki ng naging epekto ng pandemya sa pamumuhay ng mga tao sa iba't ibang sulok ng daigdig. Hinubog ng ating mga karanasan sa panahon ng krisis na ito ang iba't ibang aspekto ng ating mga buhay, maging ang paraan kung paano natin tinitingnan ang mismong pandemya. Sa ganitong diwa, nilalayon ng pananaliksik na ito na mailahad ang iba't ibang pagtingin ng mga Pilipino sa pandemya sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga metaporang ginagamit sa wikang Filipino upang ilarawan ang COVID-19 pandemic. Upang maabot ang layunin ng papel, dalawang corpora ang ginamit. Mula sa corporang ito ay itinala ang mga metaporikal na ekspresyong naglalarawan sa pandemya. Batay sa mga nakalap na datos sa corpora, apat na pangunahing tema ang natukoy: ANG PANDEMYA AY DIGMAAN, ANG PANDEMYA AY UNOS, ANG PANDEMYA AY SÚNOG, at ANG COVID-19 AY NILALANG NA MAYROONG PAG-IISIP. Natuklasan sa pag-aanalisa sa mga metaporang ito na ang mga metaporang ginagamit kaugnay ng pandemya ay hindi

lamang mga payak na ekspresyong lumilitaw sa mga usapan bagkus ay mayroon itong malawak na implikasyon sa kamalayan ng mga mamamayan at sa pagkilos ng mga nakapangyayaring sektor ng lipunan.

*Mga susing salita: metapora, pandemya, corpus, conceptual metaphor theory*

## 1. Panimula

Simula noong naitala ang unang kaso ng COVID-19 sa Wuhan, China noong Disyembre 2019, samu't saring mga artikulo at balita na ang naisulat tungkol sa sakit na ito at sa dulot nitong pandemya. Karamihan sa mga nailathalang artikulo tungkol sa COVID-19 ay naglalaman ng mga pahayag mula sa matataas na opisyal ng pamahalaan, mga eksperto sa medisina, at maging mula sa mga ordinaryong mamamayan. Kapansin-pansin sa mga artikulong ito at sa mga pang-araw-araw na diskurso ang mayamang paggamit ng mga metapora sa paglalarawan sa mga bagay at ideyang mayroong kaugnayan sa usapin ng COVID-19 pandemic. Hangarin ng maikling pananaliksik na ito na makapagbigay ng isang descriptive na pagsusuri sa mga metaporang malimit na ginagamit sa paglalarawan sa COVID-19 pandemic sa wikang Filipino.

Pundamental sa pag-abot ng layunin ng pag-aaral ang paggamit ng corpora na siyang pinagmulan ng mga sinusuring datos. Dalawang corpora ang ginamit sa kasalukuyang pag-aaral[1]. Ang unang corpus ay binuo ng mananaliksik gamit ang Sketch Engine, isang web service na ginagamit sa paglikha at pagsusuri ng mga corpus. Naglalaman ito ng mahigit sa 300,000 salita, at ito ay binubuo ng mga artikulong tungkol sa COVID-19 pandemic na inilathala ng apat na online news website mula Disyembre 2019 hanggang Pebrero 2020. Ang ikalawang corpus namang ginamit ay mula sa Leipzig Corpora Collection. Naglalaman ang corpus na ito ng mahigit sa 1,700,000 salita at binubuo ng mga balitang isinulat noong taong 2020[2].

Mula sa dalawang corpora ay sinuri ang iba't ibang metaporikal na ekspresyong ginagamit sa COVID-19 pandemic. Sa prosesong ito, conceptual metaphor theory (CMT) nina Lakoff at Johnson (1980) ang siyang nagsilbing pangunahing balangkas.

Ang dalawang corpora ay naglalaman ng mga tekstong hitik na hitik sa mga metaporikal na ekspresyong naglalarawan sa pandemya; gayunman, pinili lamang talakayin sa papel na ito ang mga metaporang hindi lamang isang beses na ginamit sa corpora upang matiyak na ang mga metaporikal na ekspresyong tatalakayin sa pananaliksik ay talagang ginagamit ng maraming mananalita ng Filipino at hindi lamang repleksyon ng malikhaing paggamit ng wika ng iisang tao. Gayundin, hindi kasamang

tinalakay sa papel na ito ang mga metaporang gumagamit ng pandemya sa paglalarawan ng ibang bagay o ideya (e.g., ANG PAGKALAT NG FAKE NEWS AY PANDEMYA).

## 2. Ilang Paraan ng Pagsusuri sa mga Metapora

Sa mahabang kasaysayan ng pagsusuri sa gamit, kaanyuan, at kahulugan ng mga metapora, samu't saring mga lapit na ang umusbong at nagamit. Ang bawat lapit na ito ay may kani-kanyang pagpapakahulugan ng kung ano nga ba ang metapora. Ilan sa mga lapit na ito ay ang similarity-based approach, interaction approach, at ang conceptual metaphor theory.

### *2.1. Mga Tradisyunal na Pagtingin sa mga Metapora*

Kung tataluntunin ang pinagmulan ng ilan sa mga pundamental na ideyang kasalukuyang ginagamit sa pag-aaral ng mga metapora, mapag-aalamang ang mga ito ay nag-ugat sa mga palagay na nabuo sa panahong Klasikal. Mayroong dalawang pangunahing pagtingin sa mga metapora sa naturang kapanahunan: ang similarity-based approach at ang interaction approach.

Ayon kay Hamdi (2008), nakaangkla sa tatlong pananaw tungkol sa mga metapora ang similarity-based approach. Una, tinitingnan sa naturang lapit na ang mga metapora ay nasa lebel lamang ng mga salita. Ikalawa, ang mga metapora ay ipinapalagay na mga pagtaliwas sa literal na paggamit ng mga salita. Sa huli, sinasabi ng similarity-based approach na ang mga metapora ay nakabatay sa mga taal na pagkakatulad sa pagitan ng dalawang magkaibang bagay.

Sa kabilang banda, nakatuntong ang interaction approach sa sumusunod na mga palagay:

(i) mayroong dalawang magkaibang paksa ang isang metaporikal na pahayag—ang principal at ang subsidiary;

(ii) pinakamainam na ituring ang mga paksang ito bilang mga sistema ng mga bagay sa halip na mga bagay;

(iii) nagkakaroon ng kahulugan ang isang metapora sa pamamagitan ng paglalapat sa principal na paksa ng isang sistema ng mga implikasyong pangunahig iniuugnay sa subsidiary na paksa;

(iv) ang mga implikasyong ito ay kadalasang binubuo ng commonplaces tungkol sa subsidiary na paksa, ngunit sa ilang angkop na kaso ay maaaring binubuo ng mga naiibang implikasyong nailatag nang hiwalay ng gumagamit nito;

(v) pinipili, binibigyang-diin, nililimitahan, at inoorganisa ng metapora ang mga katangian ng principal na paksa sa pamamagitan ng pagpaparating ng mga pahayag tungkol dito na karaniwan lamang naangkop sa subsidiary na paksa;

(vi) kabilang sa naunang proseso ang pagkakaroon ng pagbabago sa kahulugan ng mga salitang kabilang sa kaparehong pamilya o sistemang kinabibilangan ng metaporikal na ekspresyon; at

(vii) sa pangkalahatan, walang simpleng batayan para sa kinakailangang pagbabago ng kahulugan—walang iisang dahilan kung bakit ang ilang metapora ay gumagana at ang ilan ay hindi (Black, 1981, pp. 77-78).

Kung paghahambingin ang dalawang nabanggit na lapit, mapapansing mayroong mga aspekto kung saan nagtutugma ang mga ito. Gayunman, litaw na litaw ding mayroong pagkakaiba ang mga binibigyang-tuon sa dalawang dulog. Mas binibigyang-pansin sa similarity-based approach ang likas na pagkakatulad ng ideyang inilalarawan at ng bagay na ipinanlalarawan. Samantala, sentro sa interaction approach ang ugnayan sa pagitan ng bawat bahagi ng isang metapora sapagkat ipinapalagay rito na ang kahulugan ng indibidwal na mga elemento ang siyang humuhubog sa diwa ng metapora.

### 2.2. *Ang Conceptual Metaphor Theory*

Isa sa mga kontemporaryong balangkas na ginagamit sa pagsusuri sa mga metapora ay ang conceptual metaphor theory (CMT), na higit na nakilala sa larangan ng cognitive linguistics sa pamamagitan ng akda nina Lakoff at Johnson (1980). Binibigyang-diin sa balangkas na ito ang kaibahan sa pagitan ng conceptual metaphor at linguistic metaphor.

Ayon sa depinisyong inihain nina Lakoff at Johnson (1980), ang terminong *conceptual metaphor* ay tumutukoy sa representasyon sa isip ng tao na naglalarawan sa kung paano nagkakaugnay ang dalawang bagay o ideyang nagmula sa magkaibang mga domain. Samantala, ang terminong *linguistic metaphor* ay ginagamit na panukoy sa mga ekspresyong nagsisilbing linguistic na manipestasyon ng mga conceptual metaphor. Halimbawa, sa mga pangungusap na *May pumasok na bagong ideya sa aking isip* at *Nawala sa isip ko ang mga kailangan kong gawin*, ang mga pariralang *pumasok na bagong ideya sa aking isip* at *nawala sa isip* ay pawang mga linguistic metaphor. Ang mga linguistic metaphor na ito ay maipapalagay bilang mga manipestasyon ng conceptual metaphor na ANG ISIP AY ESPASYO.

Sa pagtukoy ng mga conceptual metaphor na pinagmulan ng mga linguistic metaphor, sinasabi ni Steen (1997) na mayroong limang hakbang na dapat gawin:

(i) pagtukoy sa pokus ng metapora,

(ii) pagtukoy sa metaporikal na ideya,

(iii) pagtukoy sa hindi literal na paghahambing,

(iv) pagtukoy sa hindi literal na analohiya, at

(v) pagtukoy sa hindi literal na pagmamapa.

Sa papel na ito, ang pagpapakahulugan nina Lakoff at Johnson (1980) sa linguistic at conceptual metaphors ang siyang ginamit na batayang

depinisyon. Gayundin, ang mga hakbang na inilatag ni Steen (1997) ang nagsilbing gabay sa pagtukoy sa linguistic at conceptual metaphors na ginagamit sa wikang Filipino upang ilarawan ang COVID-19 pandemic.

### *2.3. Ang mga Metapora sa Wikang Filipino*

Sagana ang wikang Filipino sa mga metaporang nagsasakongkreto ng mga ideya at pananaw ng mga mananalita nito. Kung kaya, ilang pag-aaral na ang naisagawa ukol sa naturang paksa. Isa sa mga pinakakumprehensibong pagsusuring naisagawa ukol sa mga metapora sa wikang Filipino ay mababasa sa akda ni Bacolod (2010). Batay sa naging tugon ng mga lumahok sa kanyang pag-aaral, natuklasan ni Bacolod na madalas na ginagamit ang mga hayop upang magsilbing tagapagpahayag ng mga metapora. Bukod sa hayop, lumabas sa nasabing pag-aaral na madalas ring ginagamit ang iba't ibang bahagi ng katawan upang ilarawan ang pag-uugali, kilos, kaanyuan, at estado ng isang tao.

Ang CMT naman, bilang balangkas sa pagsusuri sa mga metapora, ay makailang ulit na ring nagamit sa pag-aaral sa mga metapora sa mga wika sa Pilipinas. Ilan sa mga pagsusuring ito ay mababasa sa akda ni Pangilinan (2017) tungkol sa konsepto ng bait sa kulturang Pilipino at sa pag-aaral ni Idio (2019) tungkol sa pag-unawa sa gamit ng mga metaporang may kaugnayan sa paa sa wikang Tagalog.

## 3. Mga Metaporang may Kaugnayan sa COVID-19 Pandemic

Sa bahaging ito ng papel, apat na pangunahing konseptuwal na metapora ang naitala: ANG PANDEMYA AY DIGMAAN, ANG PANDEMYA AY UNOS, ANG PANDEMYA AY SÚNOG, at ANG COVID-19 AY NILALANG NA NAKAPAG-IISIP. Upang lubos na maipakita kung paano natukoy ang mga konseptuwal na metaporang nabanggit, inilatag sa bahaging ito ang mga linguistic metaphor na siyang naging batayan sa pagtukoy ng una nang nabanggit na mga konseptuwal na metapora.

### *3.1. Ang Pandemya ay Digmaan*

Ang pagtingin sa pandemya bilang isang digmaan ay isa sa mga temang pinakamalimit na mababakas sa mga retorikang may kinalaman sa COVID-19 pandemic. Madalas itong laman ng mga balitang may kaugnayan

sa pandemya. Halimbawa, sa mga pangungusap (1) hanggang (3), na pawang halaw sa mga artikulong mula sa online news websites, ay ginamit ang mga salitang *pakikidigma* at *paglaban* upang iparating na sa panahon ng pandemya ay mayroong nagaganap na labanan.

(1) Kinumpirma ni Manila Mayor Isko Moreno na ang patuloy na hakbang ng pamahalaang lungsod sa *pakikidigma laban sa pandemya* ng *coronavirus disease 2019*...[3]

(2) Bumisita sa Baguio City ang National Task Force against COVID-19 para matingnan ang sitwasyon ng LGU sa *paglaban sa pandemic*.

(3) Magtulong-tulong po tayo *laban sa mapaminsalang sakit o pandemya* na nananalasa sa buong mundo.

Sa pamamagitan ng paggamit ng metapora ng digmaan ay nagagawa nating ipahayag ang ating pagkamuhi sa kasalukuyang sitwasyong dala ng pandemya. Nagbibigay-daan din ang metaporang ito upang maipahayag natin ang ating pagnanais na gumawa ng mga hakbang upang matapos na ang patuloy na paglala ng pandemya.

Hindi lamang nalilimitahan sa paglalarawan sa isang pandemya ang gamit ng ideya ng digmaan. Sa wikang Ingles, ginagamit din ang digmaan sa mga metaporang naglalarawan sa pulitika, negosyo, sports, at pag-ibig (Ling, 2010).

*3.1.1. Ang Coronavirus ay Kalaban*[4]

Hindi maituturing na isang digmaan ang isang digmaan kung walang nagtutunggaliang mga puwersa; kung kaya't sa naratibong ANG PANDEMYA AY DIGMAAN, ang coronavirus ang siyang ipinapalagay na kalaban.

(4) Sinabi ni PSC Chairman William 'Butch' Ramirez na napapanahon na baguhin at palakasin ang kanilang

pagtugon sa grassroots at elite athletes, habang patuloy ang *pakikibaka ng mundo para labanan ang sakit na Coronavirus*.

(5) Mayroon din mga ulat ukol sa *pag-atake ng coronavirus* sa balat, central nervous system at mga daluyan ng dugo o mga ugat na nagreresulta sa clogging at stroke.

Malinaw na makikita sa pangungusap (4) na sa tunggaliang nagaganap sa panahon ng pandemya, ipinapalagay na ang COVID-19 ang siyang kalabang dapat na gapiin. Samantala, ipinapahiwatig naman ng pangungusap (5) na ang coronavirus, gaya ng isang kalaban, ay may kakayahang atakihin ang iba't ibang bahagi ng isang tao.

Gaya ng isang tusong kaaway, sinasabi naman sa sumusunod na mga pangungusap na ang coronavirus at ang mga sintomas nito ay dapat na matyagan.

(6) Bukod dito, katuwang din ang iba't-ibang ahensya at ang kalihim ng kagawaran ay nag-atas na sa epidemiology bureau ng DOH na *mahigpit na bantayan ang kaso* at situwasyon sa nasabing rehiyon.

(7) Ilan aniya sa *mga sintomas ng virus na dapat na bantayan* ay lagnat, dry cough, sipon, pangangapos ng hininga at diarrhea.

Sa paggamit ng metapora ng kalaban, partikular na ng isang tusong kalaban, ay nagagawang ikintal sa isipan ng mga mamamayan na kinakailangan ang lubos na pag-iingat dahil hindi nakikita ang coronavirus at ang iba't ibang variants nitong kumakalat sa kasalukuyan.

*3.1.2. Ang Healthcare Workers ay mga Mandirigma*

Kaugnay pa rin ng konseptuwal na metaporang ANG PANDEMYA AY DIGMAAN, ginagamit sa kasalukuyan ang metaporang ANG HEALTHCARE WORKERS AY MGA MANDIRIGMA upang maiparating na sila ang mga nangunguna sa paglaban sa COVID-19.

(8) Habang patuloy ang *paglaban ng mga health worker sa COVID-19*, pagdarasal naman ang kanilang naging sandata para patatagin pa ang kanilang loob.

(9) Dismayado ang mga grupo ng *healthcare workers* na nauna pang bakunahan ang mga sundalo kaysa sa kanilang *nasa frontline sa paglaban sa pandemya*.

Matingkad na makikita sa mga pangungusap (8) at (9) na sa salaysay na ang pandemya ay isang digmaan, nakaatang sa mga healthcare worker ang napakahalagang papel ng pangunguna sa labanan. Maging ang mismong paggamit ng terminong *frontliners* ay isang repleksyon ng umiiral na kaisipan na ang mga healthcare worker ang siyang unang humaharap sa kalabang coronavirus.

(10) Narito ang ilan lang sa mga mensahe ng netizens na ipinaabot nila sa COVID-19 *frontliners, na kinikilala na nila ngayon bilang mga bagong bayani*.

(11) Sa kabila ito ng katotohanan na ang *grupo ng naturang mga bayani — mga doktor, narses at halos lahat ng mga tauhan ng iba't ibang ospital sa ating bansa* — ay mistulang humaharap sa panganib sa hangaring mailigtas ang buhay ng mga may karamdaman.

Tulad ng karaniwang imahe ng isang digmaan, kapansin-pansin naman sa mga pangungusap (10) at (11) na ang mga healthcare worker, na siyang itinuturing na mga pangunahing mandirigma sa labanan ngayong panahon ng pandemya, ay tinatagurian na rin ngayong "mga bagong bayani." Tinagurian silang "mga bagong bayani" sapagkat sa kabila ng patuloy na tumataas na bilang ng mga healthcare worker na nagbubuwis ng buhay ngayong may pandemya ay ipinagpapatuloy pa rin nila ang pagbibigay ng serbisyong medikal.

*3.1.3. Ang Bakuna ay Kalasag*

Ngayong ilang buwan na ang nakararaan mula nang maitala ang pinakaunang kaso ng COVID-19 sa bansa, iba na ang pokus ng mga usapang

may kaugnayan sa pandemya. Sa ngayon, ang bakuna kontra COVID-19 na ang siyang laman ng mga balita at pangkaraniwang usapan. Kapansin-pansin sa mga diskursong may kinalaman sa bakuna ang malaking interes at pagkasabik ng mga mamamayan.

(12) *Ang bakuna ay hindi lamang magbibigay depensa* sa kanila kundi ma-iiwasan din ang pagdami ng bilang ng mga kaso ng nagkakasakit.

Sa isang naratibo kung saan mayroong hindi nakikitang kalaban sa isang digmaan, malaki ang pagbibigay-halaga ng mga mamamayan sa mga bagay na maaaring magsilbing kalasag. Kung kaya't sa pangungusap (12) ay litaw na litaw kung paano nakikita ng mga mamamayan ang bakuna bilang depensa sa sakit.

***3.2. Ang Pandemya ay Unos***

Ang ating mga karanasan sa panahon ng pandemya ay inihahalintulad din sa mga karanasan sa tuwing mayroong mga delubyong dumarating sa bansa.

(13) Nakasaad sa House Bill 8063 na palalawigin ang Bayanihan 2 hanggang 30 Hunyo 2021 imbes na magwakas sa 19 Disyembre 2020 upang matiyak na magagamit ang inilaang pondo ng pamahalaan para makabangon ang bansa sa mula sa *pananalasa ng pandemyang CoVid-19*.

(14) *Mula nang manalasa ang coronavirus pandemic,* direktang apektado ng krisis ang mga health workers ...

Ipinararating ng paggamit ng salitang *pananalasa* sa pangungusap (13) at ng *manalasa* sa pangungusap (14) na tila kinukunseptwalisa natin ang COVID-19 pandemic bilang isang unos. Inihahambing natin ang mga napakasamang epekto ng pandemya sa ating kabuhayan—pagkawala ng trabaho, pagkalugi ng mga negosyo, pagkamatay ng mga mahal sa buhay at iba pa—sa mga dinaranas nating epekto ng mga mga mapaminsalang pangyayari sa kalikasan, gaya ng pagbagyo at pagbaha.

### *3.3. Ang Pandemya ay Súnog*

Upang epektibong maipaunawa sa mga mamamayan na ang COVID-19 ay isang sakit na lubos na nakahahawa, kalimitang ginagamit ng mga eksperto sa medisina at ng mga awtoridad ang metaporang ANG PANDEMYA AY SÚNOG. Ang conceptual metaphor na ito ay masasalamin sa mga linguistic metaphor na mababasa sa mga pangungusap (15) at (16).

(15) Pebrero pa lamang, *habang mabilis na kumakalat ang global pandemic*, naglabas na ng babala ang World Health Organization hinggil sa "infodemic..."

(16) Alam ko pong kaya nating labanan ang *kumakalat na Covid*, sa tulong ng ating gobyerno, sa tulong n'yo at, sa tulong nating lahat, matatapos ang napakalaking pandaigdigang problema dulot ng Covid.

Tunay na kapansin-pansin sa pangungusap (15) at (16) ang paggamit ng salitang *kumakalat.* Sa pamamagitan ng paggamit ng salitang ito ay nabubuo sa kaisipan natin na ang pandemya ay hindi lamang nakakulong sa iisang lugar at sa halip ay patuloy na lumalawak ang sakop nito.

### *3.4. Ang COVID-19 ay Nilalang na Mayroong Pag-iisip*[5]

Isa sa mga pinakakatangi-tanging metaporang naitala sa pananaliksik na ito ay yaong naglalarawan sa COVID-19 bilang isang nilalang na mayroong kakayanang makapag-isip. Halimbawa, tingnan ang mga pangungusap (17) at (18).

(17) *Walang sinasanto ang coronavirus (COVID-19)* kahit na nga ang mga alagad ng Simbahan.

(18) Tila *nagtatagumpay ang COVID-19 pandemic* sa pagpapaluwag sa problema na matagal nang pinapasan ng ating prison system sa Pilipinas – ang pagsisiksikan ng libu-libo sa mga kulungan na halos hindi na makaunat ang mga bilanggo sa kanilang pagtulog.

Ginamit sa pangungusap (17) ang salitang *sinasanto.* Ang salitang ito ay hindi karaniwang ginagamit sa paglalarawan sa mga aksyon o pagkilos ng mga bagay o nilalang na walang kakayahang mag-isip; karaniwan lamang iniuugnay ang pagkilos na ito sa mga tao. Sa paggamit ng salitang *sinasanto* sa halimbawang pangungusap ay nabubuo sa ating mga isipan ang ideyang ang coronavirus ay may sariling pag-iisip at kaya nitong kumilos ayon sa sarili nitong naisin. Gayon din ang mababakas sa pangungusap (18). Ang ideya ng pagtatagumpay ay kadalasang itinatali sa mga pagkilos ng tao at hindi sa iba pang bagay o nilalang.

*3.4.1. Ang Pandemya ay Mananakop*

Isang napakalaking bahagi ng kasaysayan ng Pilipinas ang kolonisasyon ng mga Kastila, Amerikano, at Hapon sa bansa, kung kaya't hindi nakagugulat na makakita ng mga metaporang may kaugnayan sa pananakop at mananakop sa wikang Filipino.

(19) *Sinakop* ng COVID-19 pandemic ang buong 2020.

Agad na mapapansin sa pangungusap (19) ang salitang *sinakop.* Ang paggamit ng salitang ito ay bumubuo ng kaisipang ang COVID-19 pandemic ay isang mananakop, at ang taong 2020 ang teritoryong sinasakop nito. Ang paggamit naman ng panlaping *-in-*, na siyang ginagamit sa mga transitibong pandiwa, ay nagpapakahulugang tila bolisyonal ang aksyon ng pananakop.

## 4. Ang Implikasyon ng Paggamit ng Iba't ibang Metapora sa Paglalarawan sa COVID-19 Pandemic

Sa lente ng cognitive linguistics, hindi lamang itinuturing na mga payak na ekspresyon ang mga metapora. Sa halip, ipinapalagay ang mga ito bilang repleksyon ng katangi-tanging paraan ng pag-iisip ng mga tao. Gayundin, hinuhubog ng paggamit ng mga metapora ang pagkilos at paraan ng pag-iisip ng mga tao. Sa ganitong kadahilanan, masasabing ang paggamit ng iba't ibang metapora ay mayroong iba't ibang implikasyon sa mga gumagamit nito.

Gaya ng nabanggit sa naunang seksyon, isa ang conceptual metaphor na ANG PANDEMYA AY DIGMAAN sa mga temang lutang na lutang sa

diskurso ukol sa COVID-19 pandemic. Ang paggamit ng digmaan bilang metapora sa ganitong uri ng suliranin ay maaaring maghikayat sa mga mamamayan at sa pamahalaang magkaroon ng agarang pagtugon sa mga pangangailangan (tingnan ang akda nina Flusberg et al., 2017).

Gayunman, gaano man kaakma ang paggamit ng metapora ng digmaan sa paglalarawan sa pandemya ay mainam pa ring ito ay paglaanan ng masusing pagsisiyasat sapagkat maaari itong magdulot ng mga negatibong epekto. Halimbawa, ang paggamit ng ganitong metapora sa paglalarawan sa isang pangkalusugang suliranin ay maaaring magdulot ng takot at kawalan ng pag-asa sa mga dinapuan ng coronavirus. Pinangangambahan ding ang paggamit ng metapora ng digmaan ay maaaring mauwi sa pagmamalabis ng mga taong may kapangyarihan, partikular na ng mga nasa pamahalaan (Musu, 2020).

Hindi lamang ang paggamit ng mga metapora ang naglalantad sa mga umiiral na kaisipan ng mga tao. Maging ang hindi pagkakaroon ng mga metapora upang ilarawan ang isang bagay ay maaari ring pagmulan ng mga palagay tungkol sa mga kaisipan ng mga mamamayan. Sa mga sinuring artikulo para sa papel na ito, walang nakitang mga ekspresyong direktang nagpapahiwatig na ang face masks at face shields ay nakikita bilang depensa laban sa coronavirus. Kung susundan ang nabanggit na obserbasyon, masasabing ang ganitong kaisipan ay isa sa malalaking dahilan kung bakit maraming mamamayan ang hindi nagsusuot ng face masks at face shields.

Dahil sa mga negatibong epektong idinudulot at idudulot pa ng paggamit ng ilang metapora sa paglalarawan sa COVID-19 pandemic, nagkaroon ng ilang pagkilos sa iba't ibang bahagi ng daigdig upang palitan ang mga metaporang ito. Isa sa mga nakilalang malawakang pagkilos ay ang #ReframeCovid.

Sinimulan noong Marso 2020 ng dalawang iskolar mula sa Espanya na sina Paula Pérez-Sobrino (La University of La Rioja) at Inés Olza (University of Navarra), ang #ReframeCovid ay isang inisyatibong naglalayong mangolekta sa buong daigdig ng mga positibong metaporang maaaring ihalili sa mga negatibong metaporang kasalukuyang ginagamit sa paglalarawan sa COVID-19 pandemic. Ilan sa mga nakalap na metapora sa


hakbanging ito ay may kaugnayan sa mga gawaing pampalakasan, paglalakbay, súnog, at lagay ng panahon (Wicke & Bolognesi, 2020).

Gayunman, gaano man maging positibo at epektibo ang isang metapora sa paglalarawan sa isang ideya o pangyayari sa isang komunidad, hindi agad masasabing magiging epektibo rin ito sa iba pang komunidad o pangkat pangwika sapagkat mayroon pang iba't ibang salik na dapat na ikunsidera. Ilan sa pinakamahahalagang salik na dapat na isaisip ay ang kalinangan at pagpapahalaga ng mga mananalita ng isang wika. Halimbawa, hindi magiging epektibo ang mga metaporang may kaugnayan sa mga gawaing pampalakasan sa isang komunidad na hindi gaanong pamilyar sa sports o sa isang lipunang may naiibang pagtingin sa mga gawaing pampalakasan.

## 5. Paglalagom

Ang papel na ito ay isang maikling pasilip sa mga metaporang ginagamit sa wikang Filipino upang isalarawan ang COVID-19 pandemic. Sa pag-abot ng layunin ng pag-aaral, ginamit ng mananaliksik ang Sketch Engine upang bumuo ng isang corpus na naglalaman ng mga naisulat na artikulong may kaugnayan sa pandemya. Bukod dito, gumamit din ang mananaliksik ng isang corpus mula sa Leipzig Corpora Collection. Batay sa mga datos na nakalap, apat na pangunahing conceptual metaphor ang naitala: ANG PANDEMYA AY DIGMAAN, ANG PANDEMYA AY UNOS, ANG PANDEMYA AY SÚNOG, at ANG COVID-19 AY NILALANG NA MAYROONG PAG-IISIP.

*Dayagram 1. Mga Conceptual Metaphor na Ginagamit sa Wikang Filipino Upang Ilarawan ang COVID-19 Pandemic*



Kung masusing susuriin ang kabuuang sistema ng pagmamapa sa pandemya sa wikang Filipino, mapapansing tila mayroong isang metaporang nagbubuklod sa mga naitalang conceptual metaphor sa papel na ito—ang metaporang ANG PANDEMYA AY SULIRANIN. Lutang na lutang sa bawat metaporang nakalap na negatibo ang pananaw ng mga Pilipino sa pandemya. Ang ganitong pagtingin ay nag-uugat sa kapinsalaang idinulot ng pandemya sa kabuhayan ng marami; nagdulot ito ng kamatayan, pagkakalayu-layo ng mga tao, pagkalugi ng mga negosyo, malawakang kawalan ng trabaho, at pagkakaroon ng labis na kapangyarihan ng gobyerno. Sa kabila nito, umaasa ang marami na ang suliraning ito ay mayroong solusyon. Maipapalagay ngang sa kasalukuyan ay buo sa isipan ng mas nakararaming Pilipino ang conceptual metaphor na ANG BAKUNA AY SOLUSYON o ANG BAKUNA AY KALIGTASAN. Ito ay masasalamin sa mga sumusunod na halimbawang pangungusap.

(20) Sa talumpati niya noong nakaraang Lunes, sinabing *ang bakuna ang "only salvation available to humankind" o tanging kaligtasan ng sangkatauhan*.

(21) Pero *habang wala talagang bakuna, habang walang gamot, wala pa rin talagang solusyon sa pandemyang ito*...

Bagama't natural sa anumang wika ang gumamit ng mga metapora sa paglalarawan sa mga abstraktong ideya, mayroong mga metaporang dapat na limitahan ang paggamit dahil sa mga negatibong epektong idinudulot at maari pang idulot ng mga ito. Halimbawa, ang paggamit ng metapora ng digmaan sa paglalarawan sa COVID-19 ay maaaring magdulot ng kawalan ng pag-asa sa mga pasyente at mamamayan. Batay rin sa mga panayam ni Wilkinson (2020) kay Lisa Keranen, isang eksperto sa pag-aaral sa mga retorikang naglalarawan sa mga virus at bayolohikal na panganib, ang paggamit ng metapora ng digmaan ay maaaring magsanhi ng pagkakaroon ng mababang pagtingin sa mga dinapuan ng COVID-19 sapagkat tila hindi nila nagawang labanan ang sakit. Maaari rin umano itong magdulot ng pagtinging ang mga nasawi dahil sa COVID-19 ay pawang mga "collateral damage"—mga pinsalang kinakailangan at hindi maiaalis sa isang digmaan.

Tunay na sa panahon ng pandemya, kung kailan maraming hindi pamilyar na ideya ang dapat nating isalarawan, naroroon ang pangangailangang gumamit ng iba't ibang uri ng metapora. Gayunman, marapat lamang na tayo ay maging mapanuri sa wikang ating gagamitin sapagkat hindi lamanng ito repleksyon ng ating mga kaisipan bagkus ay hinuhubog din nito ang ating magiging karanasan.

## MGA TALA

[1] Ayon kay Reppen (2010), hindi masasabing may tukoy na bilang ng salita na kailangang bumuo sa isang corpus na gagamitin sa isang lingguwistikong pag-aaral. Ang laki umano ng corpus ay nakabatay sa kalikasan ng gagawing pananaliksik.

Kaugnay ng ideyang ito, minabuti ng mananaliksik na gumamit ng dalawang corpora upang matiyak na ang datos na gagamitin ay tunay na sumasalamin sa kolektibong gamit at kaisipan ng mga mananalita ng wikang Filipino.

[2] Bagama't ang nilalaman ng dalawang corpora ay pawang mga artikulong mula sa online news websites, may pagkakaiba ang mga tekstong bumubuo sa bawat corpus. Ang corpus na binuo ng mananaliksik ay naglalaman lamang ng mga artikulong may kaugnayan sa COVID-19, samantalang ang corpus mula sa Leipzig Corpora Collection ay binubuo ng samu't saring balita—may kaugnayan man sa COVID-19 o wala.

[3] Makikita sa Apendise 1 ang talaan ng mga artikulong pinagmulan ng mga siniping pangungusap sa papel na ito.

[4] Maaari rin itong iugnay sa metaporang ANG COVID-19 AY NILALANG NA MAYROONG PAG-IISIP, na mababasa sa seksyon 3.4.

[5] Maaari ring ipangkat sa temang ito ang una nang nabanggit na conceptual metaphor na ANG CORONAVIRUS AY KALABAN.

## MGA SANGGUNIAN

Bacolod, M. A. G. (2010). Ang metapora sa wikang Filipino: Isang descriptive na pag-aaral sa metaporang ginagamit sa pang-araw-araw na diskurso. *Philippine Social Sciences Review*, *62*(1), 1-33.

Black, M. (1981). Metaphor. Sa M. Johnson (Ed.), *Philosophical perspectives on metaphor* (pp. 63-82). University of Minnesota Press.

Hamdi, S. (2008). *Conceptual metaphors of time in English and in Arabic: A comparative cognitive study* [Di-nakalathalang disertasyong doktoral]. Universiteì Laval.

Idio, C. D. H. (2019). *Understanding paa in Tagalog.* Di-nakalathalang papel.

Lakoff, G. (1993). The contemporary theory of metaphor. Sa A. Ortony (Ed.), *Metaphor and thought* (Ikalawang ed., pp. 202–251). Cambridge University Press.

Lakoff, G., & Johnson, M. (1980). *Metaphors we live by*. University of Chicago Press.

Leipzig Corpora Collection. (2020). *Tagalog news corpus based on material from 2020* [Dataset]. Leipzig Corpora Collection. https://corpora.uni-leipzig.de?corpusId=tgl_news_2020

Ling, S. (2010). *A cognitive study of war metaphors in five main areas of everyday English: Politics, business, sport, disease and love.* Di-nakalathalang papel.

Musu, C. (2020, April 8). *War metaphors used for COVID-19 are compelling but also dangerous*. The Conversation. https://theconversation.com/war-metaphors-used-for-covid-19-are-compelling-but-also-dangerous-135406

Pangilinan, A. J. D. (2017). *What's Good?: The Concept of Baít in the Filipino Culture.* Di-nakalathalang papel.

Reppen, R. (2010). Building a corpus: What are the key considerations? Sa A. O'Keeffe & M. McCarthy (Eds.), *The Routledge Handbook of Corpus Linguistics* (pp. 31–37). Routledge.

Steen, G. J. (1997). From linguistic to conceptual metaphor in five steps. Sa R.W. Gibbs & G. J. Steen (Eds.), *Metaphor in cognitive linguistics: Selected papers from the Fifth International Cognitive Linguistics Conference* (pp. 57-77). John Benjamins Publishing Company.

Wicke, P., & Bolognesi, M. M. (2020). Framing COVID-19: How we conceptualize and discuss the pandemic on Twitter. *PLoS ONE*, *15*(9). https://doi.org/https://doi.org/10.1371/journal.pone.0240010

Wilkinson, A. (2020, April 15). *Pandemics are not wars*. Vox. https://www.vox.com/culture/2020/4/15/21193679/coronavirus-pandemic-war-metaphor-ecology-microbiome?fbclid=IwAR3JpxYDE6_2cTjTG3N3susBnKQC_YoXF-o_ZjnLagvxQ-Ni-upZ_WAq9Ko

**APENDISE 1. TALAAN NG MGA ARTIKULONG PINAGMULAN NG MGA SINIPING PANGUNGUSAP**

| Pangungusap blg. | Sanggunian |
|---|---|
| (1) | Santiago, M. A. (2020, Setyembre 20). Maynila, suportado ng Taipei vs COVID-19. *Balita*. http://balita.net.ph/2020/09/20/maynila-suportado-ng-taipei-vs-covid-19/ |
| (2) | ABS-CBN News. (2020, Mayo 21). *Travel pass para makalabas ng Baguio City pinilahan*. https://news.abs-cbn.com/video/news/05/21/20/travel-pass-para-makalabas-ng-baguio-city-pinilahan |
| (3) | Ong, H. C. (2020, Agosto 3). Cease and desist order ng DENR-EMB sa Calamba Sanitary Landfill. *Remate*. https://www.remate.ph/cease-and-desist-order-ng-denr-emb-sa-calamba-sanitary-landfill/?utm_source=rss&utm_medium=rss& utm_campaign=nease-and-desist-order-ng-denr-emb-sa-calamba-sanitary-landfill |
| (4) | Balita. (2020, Mayo 11). Reboot sa programa ng PSC. *Balita. https://balita.net.ph/2020/05/11/reboot-sa-programa-ng-psc/* |
| (5) | Cabrera, T. (2020, Hunyo 29). Coronavirus dahilan ng long-term organ damage. *Hataw!*. https://hatawtabloid.com/2020/06/29/coronavirus-dahilan-ng-long-term-organ-damage/ |
| (6) | Domenden, J.T. (2020, Hunyo 18). Cebu city, mahigpit na tinututukan ng DOH dahil sa mataas na COVID-19 cases. *Remate*. https://www.remate. ph/cebu-city-mahigpit-na-tinututukan-ng-doh-dahil-sa-mataas-na-covid-19-cases/?utm_source=rss&utm_medium=rss& amp;utm_campaign=cebu-city-mahigpit-na-tinututukan-ng-doh-dahil-sa-mataas-na-covid-19-cases |
| (7) | Abasola, L., Geducos, A. C. B., & Santiago, M. A. (2020, March 26). Sen. Angara, positive rin. *Balita*. https://balita.net.ph/2020/03/26/sen-angara-positive-rin/ |

| | |
|---|---|
| (8) | ABS-CBN News. (2020, Marso 24). *Ilang health workers nanalanging matapos na ang krisis sa COVID-19*. https://news.abs-cbn.com/video/news/03/24/20/ilang-health-workers-nanalanging-matapos-na-ang-krisis-sa-covid-19 |
| (9) | ABS-CBN News. (2020, Disyembre 29). *Healthcare workers nagulat, nadismayang di sila inunang bakunahan kontra COVID-19*. https://news.abs-cbn.com/news/12/29/20/healthcare-workers-nagulat-nadismayang-di-sila-inunang-bakunahan-kontra-covid-19 |
| (10) | ABS-CBN News. (2020, April 10). *'Mga bagong bayani': Frontliners inulan ng pagsaludo sa Araw ng Kagitingan*. https://news.abs-cbn.com/life/04/10/20/mga-bagong-bayani-frontliners-inulan-ng-pagsaludo-sa-araw-ng-kagitingan |
| (11) | Lagmay, C. (2020, Hulyo 7). Lalo pang dapat paigtingin. *Balita. http://balita.net.ph/2020/07/07/lalo-pang-dapat-paigtingin/* |
| (12) | Garcia, G. (2020, Hulyo 7). Libreng bakuna sa senior citizens isinulong. *Philstar Ngayon*. https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa/2020/07/08/2026408/libreng-bakuna-sa-senior-citizens-isinulong |
| (13) | Novenario, R. (2020, Disyembre 15). Urgent bill sa pinalawig na 2020 GAA sinertipakahan ng Pangulo. *Hataw!*. https://hatawtabloid.com/2020/12/15/urgent-bill-sa-pinalawig-na-2020-gaa-sinertipakahan-ng-pangulo/ |
| (14) | Balita. (2020, Oktubre 17). Humuhupa na ang COVID-19 infections sa health workers. *Balita*. http://balita.net.ph/2020/10/17/humuhupa-na-ang-covid-19-infections-sa-health-workers/ |
| (15) | Balita. (2020, Nobyembre 29). Panganib ng 'infodemic' sa COVID-19 vaccine. *Balita*. http://balita.net.ph/2020/11/29/panganib-ng-infodemic-sa-covid-19-vaccine/ |
| (16) | Belaro, B. (2020, Marso 19). Tumalima tayo sa community quarantine na ipinaiiral. *Remate*. https://www.remate.ph/tumalima-tayo-sa-community-quarantine-na-ipinaiiral/?utm_ source=rss&utm_medium=rss&utm_campaign=tumalima-tayo-sa-community-quarantine-na-ipinaiiral |

| | |
|---|---|
| (17) | Presse, A. F. (2020, September 15). COVID-19 walang sinasanto. *Balita*. http://balita.net.ph/2020/09/15/covid-19-walang-sinasanto-2/ |
| (18) | Balita. (2020, Hulyo 10). *Pagpapaluwag sa ating mga bilangguan ngayong pandemya*. https://balita.net.ph/2020/07/10/pagpapaluwag-sa-ating-mga-bilangguan-ngayong-pandemya/ |
| (19) | Presse, A. F. (2020, September 15). COVID-19 walang sinasanto. *Balita*. http://balita.net.ph/2020/09/15/covid-19-walang-sinasanto-2/ |
| (20) | De Guzman, B. (2020, August 22). Kumilos laban sa COVID-19, 'wag lang maghintay sa bakuna. *Balita*. http://balita.net.ph/2020/08/22/kumilos-laban-sa-covid-19-wag-lang-maghintay-sa-bakuna/ |
| (21) | Novenario, R. (2020, Setyembre 23). Robredo presidente ora mismo (Kapag nakahanap ng solusyon vs CoVid-19). *Hataw!*. https://hatawtabloid.com/2020/09/23/robredo-presidente-ora-mismo-kapag-nakahanap-ng-solusyon-vs-covid-19/ |